## Kasaysayang Bayan

Ang mga lalawigan sa Gitnang Luzon ay kabilang sa mga pinakaunang lugar na nasakop ng mga Espanyol. Ang Pampanga ay isa sa pinakamalalaki at pinakamayayamang lalawigan noong panahong ito.

Noong 1660, nag-alsa ang mga taga-Pampanga sa pangunguna ni Francisco Maniago laban sa pang-aabuso ng mga Espanyol. Noong 1762, ang Bulacan at Pampanga ay naging pansamantalang himpilan ng pamahalaang kolonyal noong sinakop ng puwersang Ingles ang Maynila.

Sa pagsiklab ng Himagsikang Pilipino, kabilang ang Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, at Tarlac sa unang walong lalawigan na lumaban sa mga Espanyol. Noong 1897, itinatag ng mga rebolusyonaryong Pilipino ang **Republika ng Biak-na-Bato** sa San Miguel, Bulacan. Noong 1898, ang Malolos ay naging kabisera ng **Unang Republika ng Pilipinas** sa pamumuno ni Pangulong Emilio Aguinaldo.

Patuloy na ipinaglaban ng mga mamamayan ng Gitnang Luzon ang kanilang kalayaan laban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Buong tapang na lumaban ang puwersang Pilipino at Amerikano sa mga Hapones sa Bataan, hanggang sa sila ay matalo. Ang mga sumukong sundalong Pilipino at Amerikano ay pinaglakad sa tinaguriang **Death March** ng mga Hapones mula Mariveles, Bataan hanggang sa Capas, Tarlac. Ang grupong **Hukbong Bayan Laban sa Hapon** o **HUKBALAHAP,**



CamScanner
LIVEWORKSHEETS

na nakipaglaban sa mga Hapones, ay itinatag ni Luis Taruc noong 1942. Si Taruc ang pinuno ng kilusan ng mga magsasaka mula Pampanga.



Death March

## Mga Bayani at Kilalang Tao

Kabilang sa mga kilalang tao mula sa Gitnang Luzon ang mga tanyag na makatang sina **Francisco Balagtas, Jose de la Cruz,** at **Jose Corazon de Jesus**. Si **Marcelo H. del Pilar,** na pangunahing lider ng Kilusang Propaganda, ay tubong Bulacan. Ang mga tanyag na heneral noong Himagsikang Pilipino, na sina **Gregorio del Pilar** at **Mariano Llanera,** ay galing din sa Gitnang Luzon.

Ilan sa mga pangulo ng ating bansa na nagmula sa rehiyon ay sina **Ramon Magsaysay, Diosdado Macapagal, Gloria Macapagal-Arroyo,** at **Corazon Aquino**. Ang dating Senador na si **Benigno "Ninoy" Aquino, Jr.** ay isinilang naman sa Tarlac.



CamScanner
LIVEWORKSHEETS

## Mga Makasaysayang Lugar at Tanawin

Ang mahabang kasaysayan ng rehiyon ay magugunita sa maraming makasaysayang lugar dito. Sa **Simbahan ng Barasoain** sa Malolos, Bulucan idinaos ang Unang Kongreso ng Pilipinas at dito rin pinasinayaan ang Unang Republika ng bansa sa pamumuno ni Pangulong Emilio Aguinaldo. Ang **Dambana ng Kagitingan** sa Bundok Samat sa Bataan, at ang **mga bantayog ng Death March** sa Pampanga at Tarlac ay gumugunita sa kagitingan ng mga sundalong nakipaglaban sa mga mananakop na Hapones.



Dambana ng Kagitingan


Bantayog ng Death March sa Capas, Tarlac



CamScanner
LIVEWORKSHEETS

## Alamin Natin



Alam ba ninyo na ang Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan ay isang mahalagang makasaysayang lugar sa ating bansa?

Noong Setyembre 1898, nagpulong ang Unang Kongreso ng Pilipinas sa simbahan upang isulat ang saligang batas ng Unang Republika ng Pilipinas. Nabuo ng Kongreso ang Konstitusyon ng Malolos noong ika-21 ng Enero, 1899. Kasunod nito, pinasinayaan ni Pangulong Emilio Aguinaldo noong ika-23 ng Enero ang Unang Republika ng Pilipinas sa Simbahan ng Barasoain.

Dahil sa mga makasaysayang pangyayari na naganap sa Simbahan ng Barasoain, kinilala ng pamahalaan ang simbahan bilang pambansang dambana noong 1973. Pagsapit naman ng taong 1998, ginanap sa simbahan ang inagurasyon ni Pangulong Joseph Ejercito Estrada.



CamScanner
LIVEWORKSHEETS

## Alalahanin Natin

- Ang Gitnang Luzon ang pinakamalawak na kapatagan sa bansa. Ito ay makikita sa gitnang bahagi ng Luzon. Ang rehiyon ay binubuo ng mga lalawigan ng Aurora, Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac, at Zambales.
- Ang rehiyon ay nakararanas ng tatlong uri ng klima. ang kanlurang bahagi ng rehiyon ay nakararanas ng tag-araw mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan sa iba pang mga buwan. Wala namang tiyak na panahon ng tag-ulan at mayroong mainit na tag-init na tumatagal nang isa hanggang tatlong buwan sa gitnang bahagi ng rehiyon. Ang silangang bahagi naman ng rehiyon ay nakararanas ng kalat-kalat na pag-ulan sa buong taon.
- Ang malalawak na kapagatan sa rehiyon ay mainam sa pagsasaka. Pangunahing produkto ng rehiyon ang bigas at kilala ang rehiyon bilang "Bangan ng Bigas ng Pilipinas." Bukod sa pagsasaka, nabubuhay rin ang mga mamamayan sa pangingisda at pagmimina. Ang rehiyon ay sentro rin ng kalakalan at komersiyo.
- Ang mga Tagalog ang pinakamalaking pangkat ng tao sa rehiyon. Matatagpuan din sa rehiyon ang ilang pamayanan ng mga Kapampangan at Ilokano. Kilala ang rehiyon sa mga makukulay na pista at pagdiriwang tulad ng Pista ng Obando sa Bulacan at Lantern Festival sa Pampanga.



CS CamScanner
LIVEWORKSHEETS

- Kabilang ang Gitnang Luzon sa mga pinakaunang lugar na nasakop ng mga Espanyol.
- Nag-alsa ang mga taga-Gitnang Luzon, lalo na ang mga Kapampangan, dahil sa mga mapang-abusong patakaran ng mga Espanyol.
- Noong 1762, panandaliang nasakop ng mga Ingles ang Maynila. Kaya naman naging pansamantalang himpilan ng pamahalaang kolonyal ang Bulacan at Pampanga.
- Naging aktibo ang rehiyon noong Himagsikang Pilipino at naging kabisera ng Unang Republika ng Pilipinas ang Malolos.
- Mahigpit na nakipaglaban sa mga Hapones ang pinagsanib na puwersang Pilipino at Amerikano ngunit natalo rin sila at sumuko. Ang Death March mula Bataan hanggang Capas, Tarlac ang nagpapagunita ng pagkatalong ito.
- Pagkatapos ng Ikalawang Digmaan Pandaigdig, ang rehiyon ay naging sentro ng mga kilusan ng magsasaka.
- Kabilang sa mga kilalang personalidad mula sa Gitnang Luzon sina Francisco Balagtas, Gregorio del Pilar, Ramon Magsaysay, Diosdado Macapagal, Gloria Macapagal-Arroyo, Corazon Aquino, at Benigno "Ninoy" Aquino, Jr.
- Maraming makasaysayang lugar sa rehiyon tulad ng Dambana ng Kagitingan sa Bundok Samat sa Bataan, bantayog ng Death March sa Pampanga at Tarlac, at ang Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan.



LIVEWORKSHEETS
CamScanner



## Pagnilayan Natin

Bakit kailangang pahalagahan ang mga makasaysayang lugar sa ating pamayanan?

## Gawin Natin

**ISAISIP**

**Piliin sa kahon ang mga tamang sagot. Isulat ang titik ng inyong sagot sa mga kahon sa unahan ng bawat bilang.**

| | |
|---|---|
| A. Ilog Pampanga | E. Malolos |
| B. Aeta | F. bigas |
| C. Dambana ng Kagitingan | G. San Fernando, Pampanga |
| D. Tagalog | H. HUKBALAHAP |

☐ 1. sentro ng rehiyon ng Gitnang Luzon



LIVEWORKSHEETS
CamScanner

2. isa sa tatlong pangunahing ilog na dumadaloy sa rehiyon

3. pangunahing produkto ng Gitnang Luzon

4. pinakamalaking pangkat ng tao sa rehiyon

5. katutubong pangkat na naninirahan sa Zambales

6. lungsod sa Bulacan na naging sentro ng Unang Republika ng Pilipinas

7. ito ang pangkat na lumaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig

8. monumento sa Bundok Samat na gumugunita sa mga sundalong lumaban noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig



LIVEWORKSHEETS
CamScanner

## ISAPUSO

Paano mo maipapakita ang paggalang at pagkilala sa kultura at kasaysayan ng Rehiyon 3? Isulat ang iyong sagot sa mga puso.



CS CamScanner
LIVEWORKSHEETS

ISAGAWA

**Magdikit ng larawan ng isang makasaysayang lugar sa Gitnang Luzon. Sumulat ng maikling deskripsiyon nito.**



LIVEWORKSHEETS
CamScanner

# Pag-ugnayin Natin

## Pagsusulat, Teknolohiya

Ipagpalagay na binisita ng iyong klase ang mga kilalang makasaysayang lugar sa inyong rehiyon. Gumawa ng slideshow presentation na nagpapakita sa mga lugar na inyong binisita. Ilarawan ang mga makasaysayang lugar at ang mahahalagang kaganapang nangyari doon.

## Sariling Lalawigan o Rehiyon

Maglista ng iyong maaaring gawin upang ipakita ang iyong paggalang at pagpapahalaga sa mga makasaysayang lugar sa iyong lalawigan o rehiyon. Gumawa ng isang poster batay sa iyong lista at ilahad ito sa klase.




CamScanner
LIVEWORKSHEETS

Aralin 12

# Rehiyon 4-A CALABARZON

## Tuklasin Natin

Isulat ang mga pangalan ng mga lalawigan ng CALABARZON sa mga kahon.






LIVEWORKSHEETS

## Talakayin Natin

Ang **CALABARZON** ay nabuo nang hinati ang Rehiyon ng Katimugang Tagalog noong 2002 sa bisa ng **Atas Ehekutibo Blg. 103** na pinirmahan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Ang rehiyon ay binubuo ng mga lalawigan ng **CAvite, LAguna, BAtangas, Rizal** at **QueZON.** Ang **Lungsod ng Calamba** sa Laguna ang sentro ng rehiyon.

| CALABARZON | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Lalawigan** | **Kabisera** | **Populasyon (PSA, 2015)** | **Lawak ($km^2$)** | **Sagisag** |
| Cavite | Imus | 3,678,301 | 1,526 |  |
| Laguna | Santa Cruz | 3,035,081 | 1,928 |  |
| Batangas | Lungsod ng Batangas | 2,694,335 | 3,115 |  |
| Rizal | Lungsod ng Antipolo | 2,884,227 | 1,309 |  |
| Quezon | Lucena | 2,122,830 | 8,824 |  |
| **Sentro ng Rehiyon** | Lungsod ng Calamba, Laguna | | | |



LIVEWORKSHEETS





LIVEWORKSHEETS

## Lokasyon at Topograpiya

Ang **Rehiyon 4-A** o **CALABARZON** ay nasa katimugang Luzon. Ito ay napaliligiran ng Rehiyon 3 sa hilaga, Dagat Pilipinas sa silangan, Look ng Maynila at Kanlurang Dagat Pilipinas sa kanluran, at mga pulo ng Mindoro at Marinduque sa timog.

Ang CALABARZON ay mabundok at may makikitid na kapatagan. Ilan sa mga kilalang bundok sa rehiyon ang **Bundok Makiling** sa Laguna, **Bundok Banahaw** sa Quezon, **Bundok Makulot** sa Batangas, at **Bundok Pico de Loro** sa Cavite. Nasa mga lalawigan naman ng Rizal at Quezon ang dulo ng **bulubundukin ng Sierra Madre**. Sa Batangas naman matatagpuan ang **Bulkang Taal,** isa sa mga pinaka-aktibong bulkan sa bansa. Huling sumabog ang Bulkang Taal noong Enero 2020 at labis na naapektuhan nito ang mga mamamayan ng Batangas at Cavite.



Bundok Makiling



CS CamScanner
LIVEWORKSHEETS